

PROLOGUE

Sa ICU at NICU ng ospital ay parehong agaw-buhay ang mag-ina ni Roniel Galang.

Identical twins ang isinilang ng asawa niyang si Nancy na nagkaroon ng kumplikasyon sa panganganak. Malusog si Eris subalit si Iris ay may butas ang puso.

Malaki na ang kanyang bayarin at sasalang pa sa panibagong operasyon sina Nancy at si Baby Iris. Wala na siyang pera, ni pambili ng gatas ng mga sanggol, dahil hindi naman siya nakakapaghanap-buhay. Kung hindi maoperahan ang dalawa ay kapwa mamamatay.

Kaya nang lapitan siya ng mag-asawang Will at Marcia Sullivan, mga American philanthropists, ay pikit-mata niyang tinanggap ang alok ng mga ito: sasagutin ng mag-asawa ang malaking halaga ng hospital bill at operasyon ng mag-ina kapalit ng legal na pag-ampon kay Eris. Nangako naman ang mag-asawa na maaari niyang dalawin ang bata sa poder ng mga ito.

Sa kabila ng matinding sakripisyong iyon, hindi

pa rin nakaligtas sa kamatayan si Nancy.

Tinupad ng mag-asawang Sullivan ang pangako, pero dumating ang pagkakataon na kailangan nang bumalik ng dalawa sa Texas. Walong taong gulang noon ang kambal. Ang mag-amang Roniel at Iris ay umuwi na lang sa Santa Cecilia.

Sa kasamaang palad, naputol ang komunikasyon ng ama sa mag-asawa.

Sising-sisi si Roniel sa nagawang pagpapaampon sa anak at itinuring iyong isang napakalaking kabiguan at kahihyan. Naging masyado siyang malungkutin kaya mabilis naigupo ng karamdaman. Iyon ang dahilan kung bakit nakagawian ng mga Galang na ilihim at iwasang mapag-usapan sa bahay ang tungkol kay Eris.

Nang magbalik-bansa si Eris o Reese Sullivan noong high school siya ay sinikap niyang hanapin ang ama at kapatid sa dati nilang tinutuluyan, pero wala na roon ang mga ito.

Pero pagkalipas ng halos dalawang dekadang pagkakalayo ay muling nagkasama ang kambal. Tinunton si Reese ng isang tiyuhin para ihatid si Iris na malubhang napinsala sa isang aksidente at ngayon ay may amnesia.

“Kawawa naman ang pamangkin ko, hindi na natapos-tapos ang pagsubok,” nahahabag na saad ni Danilo habang nakatunghay sa natutulog na pasyente sa hospital bed, si Iris. “Sabagay, may buti na ring naidulot ang pagkakaroon mo ng amnesia. Hindi mo na maaalala ang masasakit na pangyayari sa buhay mo... at makakasama mo na uli ang kapatid mo.”

Kamakailan ay naaksidente silang magtiyuhin. Halos ikamatay ng dalaga ang tinamong pinsala sa ulo at ang malalim na sugat sa likod. Para kay Danilo ay hindi iyon natural na aksidente kundi premeditated accident. Pero nanahimik na lamang siya dahil walang maniniwala sa isang marijuana user na tulad niya. Isa pa, pinagbantaan siyang mapapahamak ang buong pamilya niya kapag may nakaalam sa tunay na nangyari noong gabing iyon.

Nang magising ang dalaga ay agad niya itong nilapitan.

“Iris, huwag kang mag-alala, ligtas ka na.” Nailayo na niya ito sa mga salarin. “Nailabas na kita sa impiyerno.” Mula probinsya ay iniluwas nila ito sa Maynila para ipagamot, at para itago na rin dahil sigurado siyang may tangka pa rin sa buhay nito.

Buti na lang kahit paano ay napaniwala niya ang ina at nakumbinsi itong dapat nilang itago si Iris.

Masuwerte nang tuntunin niya ang dating tinitirhan ng mag-asawang umampon sa isa pang pamangkin ay natuklasang nagbalik-Pilipinas pala ang mga ito.

Eris ‘Reese’ Sullivan ang gamit na pangalan ng kakambal ni Iris ayon sa nakausap niyang si Candice Sullivan-Maher, panganay na anak ng mag-asawa.

“Mangako ka sa akin ngayon, Iris, na hinding-hindi ka na babalik sa Santa Cecilia. Mangako ka.” Marahang tumango ang pasyente. “Gagawin mo ito hindi lang para sa sarili mong kaligtasan kundi para na din sa kaligtasan ng pamilya natin. Maliwanag ba?” *Ako man ay magpapakalayo-layo na rin.*

Alam niyang may natuklasang sikreto ang pamangkin pero kung hanggang saan ang nalaman nito ay hindi niya alam. Nakatitiyak siyang iyon ang dahilan ng kuwestiyonableng malalim na sugat nito sa likod—isang paalala mula kay Vastago.

“Sa makalawa pa darating ang kakambal mo kaya hindi na namin siya mahihintay ni Mamang. Huwag kang mag-alala, nangako si Mrs. Maher na siya muna ang titingin sa ’yo habang wala si Eris.” Lumingon ang matandang lalaki sa pintuan bago ibinalik ang tingin sa pamangkin at nagpatuloy. “Ah, Iris, kung sakaling magbalik ang memorya mo, sana

panatilihin mo na lang na sikreto ang mga nalaman mo. Huwag mo nang babanggitin kahit sa kapatid mo dahil baka madamay pa siya. Mas kakaunti ang nakakaalam, mas maiingatan ang sikreto. At para sa kapanatagan ng lahat, huwag ka na lang bumalik sa Santa Cecilia.”

Nakapikit na marahang tumango bilang pagsang-ayon ang dalaga.

Mukhang ayaw na nga yata siyang pabalikin dahil maliban sa mga damit ay kasamang ibinaon sa pagluwas nila ang kanyang mahahalagang papeles.

1

Tatlong taon pagkalipas ng aksidenteng halos kumitil sa kanyang buhay ay nakabangon nang muli si Iris. She's the same old Iris Galang kahit maraming nabago sa buhay niya.

Kagaya ng bilin, *para sa kapanatagan ng lahat* ay hindi na siya nagbalik sa bayan ng Santa Cecilia. That made her the old Iris who was still haunted by the dark shadows of the past. Para sa kanya ay blessing in disguise ang amnesia dahil ito ang naging kanlungan niya para matakasan ang nakaraan.

Teacher pa rin siya, ayon sa kanyang tinapos na kurso, lamang ay sa private high school na siya ngayon nagtuturo. Hindi na niya nakakasama ang kanyang lola at iba pang kamag-anak na kinalakhan, pero kasama naman niya ngayong namumuhay ang kakambal na si Reese.

“Hindi ka naman halatang excited mag-travel niyan. Five days to go pa ang flight ninyo, di ba?” Si Reese na nakangiting pumasok sa silid nilang magkapatid. Sumandal ito sa pinto at pinanood ang pag-eempake niya. Pinasasama siya ng kakambal sa adoptive family nitong magbabakasyon sa Texas dahil

may secret mission itong gagawin habang wala si Iris. “At saka, approved na ba ang leave of absence mo?”

“Oo naman.” Gumanti ng ngiti si Iris. Parang sariling replica niya sa salamin ang nginitian. Nakatuwaan kasi ni Reese na kopyahin ang imahe niya. Ang itim at pantay balik at nitong one-length hairstyle ay ipina-layer at kinulayan din ng light burgundy na katulad ng sa kanya. Ang kaibahan ay mas mahaba ang buhok niya. Maging ang reddish birthmark niya sa balik ay ipinakopya nito sa kakilalang tattoo artist.

Nasisiyahan niyang pinagmasdan ang nakababatang kapatid. Lalo na ngayong malilito si Candice sa pagkilala sa kanila dahil halos wala na silang kaibahan sa isa’t isa. Mas maputi siya nang kaunti dahil walang pakundangan kung magpaaraw si Reese at hindi masyadong banidosa kagaya niya. Mas mataas ito sa kanya ng dalawang pulgada, pero magkasukat naman ang kanilang foot size. Pareho sila ng kilay—to quote Zach’s description—*arched artistically like a rainbow*.

Inagapan niyang huwag maglaro sa utak ang isiping iyon.

“Reese, talaga bang ayaw mong sumama? Sayang, first time ko pa namang makakarating sa

America. Sana kasama kita sa momentous experience na 'to," may panghihinayang na saad niya.

“There’s always a next time, Ai. Kapag na-promote ako, may kasamang out-of-country travel incentive 'yon. Ikaw ang isasama ko.”

“Wow! Mag-call center agent na lang kaya ako tulad mo? Wala pa yatang teacher na yumaman dahil sa pagtuturo,” pabirong sabi niya.

Junior account manager sa isang bigating call center company ang kapatid niya. Ang salary nito ay doble ng sa mga school principal... at siya ay Teacher II pa lang. Milya-milya ang agwat ng financial stability nito sa kanya.

“Noong bata pa ako, utmost dream kong yumaman...” wala sa loob na nasambit niya habang nagsasalansan ng damit sa maleta.

“Ako rin. Kambal nga tayo. Bakit mo naman gustong yumaman?”

“Uhm, para... ah—” Masasabi kaya niya ang dahilan na kaya ibig niyang yumaman ay para masundan ang kapatid sa ibang bansa at bawiin ito sa mga umampon?

Bago namatay ang amang si Roniel ay nangako

si Iris na hahanapin ang nakababatang kapatid para iuwi sa Santa Cecilia. Sising-sisi ang ama sa nagawang pagpapaampon sa anak.

“Ai, huwag mo na ngang sagutin. Pareho lang siguro tayo ng reason,” nakakaunawang sabi ni Reese nang makitang tila nahihirapang mag-isip ang kakambal.

Alam ni Reese na may amnesia si Iris. Naupo siya sa gilid ng kama at inabot ang unan na paboritong yakapin. May itatanong siya kay Iris, hahanap lang siya ng tiyempo. Minsan kasi ay may mga katanungan siyang related sa nakaraan na nasasagot naman ito. Ang teorya ng doctor ay galing daw sa unconscious mind ng pasyente ang sagot na iyon. “Iris...”

“Yes?”

“Tell me something about Lola Fina.”

“The best lola—” Nabigla si Iris sa pagsagot at agad sinundan ng pasubali. “Wait. Don’t quote me on that, ha. Alam mo naman ang mga sagot ko base lang sa pakiramdam. Hindi ko talaga alam ang totoong sagot.”

“No quoting, promise. Sa tingin mo, bakit hindi man lang ako hinintay ni Lola bago sila umalis noong ihatid ka nila sa ospital dito sa Maynila? Hindi rin ba

niya alam na mayroon kang kakambal o baka ayaw lang niya akong makita?”

Napatigil sa ginagawa si Iris. Kailangan niyang timbangin ang mga salitang bibitawan para sa kapakanan ng parehong panig. “Reese, ’yung unang tanong mo kayang-kaya kong sagutin. As far as I could remember, sinabi ni Uncle Danilo na naibayad na nila upon my admission ang tanging perang baon nila noon. Wala na silang pamasahе pauwi kaya sumabay na sila sa pagbalik ng ambulansyang naghatid sa akin. Tungkol naman sa pangalawang tanong mo...” Hindi niya napigil na hindi lapitan ang nakababatang kapatid. Tumabi siya sa pagkakaupo at ginagap ang palad nito. “Hindi ko alam ang sagot. Pero sana, Reese, isipin mo na lang na they were all fighting a battle we knew nothing about. Sana huwag ka nang magalit kay Itay at sa amin kung bakit kinailangan kang ipaampon.”

“Hindi naman ako galit, Ai...” Naramdaman ni Reese ang pamumuo ng tila bikig sa lalamunan kasabay ng pag-iinit ng sulok ng mga mata at paninikip ng dibdib. Pagkatapos ay hindi na niya mapigil ang pagdaloy ng luha. She hated being susceptible and exposing her weakness to anyone. Pero wala siyang magawa dahil sasabog na ang dibdib niya sa maraming katanungang matagal na

niyang hinahanapan ng mga sagot. “Nagtatanong lang ako...”

“Shh.” Niyakap ni Iris ng mahigpit ang nakababatang kapatid. “Hindi masamang umiyak paminsan-minsan. Let go of your emotions. Hayaan na natin ang nakaraan, ang mahalaga magkasama na uli tayo ngayon.”

Nang isama na si Reese ng mag-asawang Sullivan sa Texas ay tuluyan nang umuwi sa Santa Cecilia ang mag-amang Roniel at Iris. Kaya lang naman sila nananatili sa Maynila ay para kahit paano nagkikita at nagkakasama pa rin ang kambal.

“Reese, pagpasensyahan mo na ako, ha. May mga bagay kasi na hindi ko kayang ipaliwanag. Wala ako sa tamang estado ng pag-iisip para pangahasan kong ipaliwanag ang mga katanungan mo. I’m so sorry.” *At binilinan akong huwag na magkuwento sa ’yo.* “Gusto mo bang huwag na lang akong umalis para madamayon kita sa kung anuman ang pinagdaraan mo?”

“No. Okay lang ako. You should go, Ai. Mas magiging masaya ako kung malalaman kong nag-enjoy ka doon.” Nagpunas ito ng luha at nagpilit ngumiti at pasiglahin ang tinig.

“Sigurado ka? Nag-aalala kasi akong baka may problema kang hindi sinasabi sa akin. Reese, magkapatid tayo, we used to be best friends.”

“I’m fine. Really. Huwag mo akong alalahanin. Sinusubukan ko lang kung kaya kong maging drama queen, ayun, *keri* pala. Basta, promise me, gagawin mong memorable ang Texas tour mo, ha?”

“Reese—”

“No more objections. Pababayaran ko sa ’yo ang round trip ticket mo, sige ka,” birong pananakot nito. “Honestly, naka-leave ako. Vacation leave. And I’ll be with my, let’s say, uhm, someone special.”

Sa sinabi nito ay bahagyang napanatag ang loob ni Iris. Nahalata niyang inilayo ng kapatid ang usapan pero hindi na lang siya nagkomento. Pumayag siyang ituloy ang sariling bakasyon. “Baka mamaya lokohin ka lang ng lalaking ’yon, ha. Ipakilala mo sa akin at ako ang kikilatis.”

“Pagbalik mo na lang. Nga pala, may malapit na estate sa bahay ng mga Sullivan. Makakakita ka doon ng typical Texan ranch. Huwag kang padadala sa sweet-talker na mga cowboys.”

Maraming bagay ang naglalaro sa isip ni Iris kapag naririnig ang salitang *ranch*, at ayaw niya iyong

isipin. “Ayoko nga sa kanila. Kahit guwapo, amoy kabayo o baka.” Pinagtawanan nila ang pahayag niyang iyon.

Gayunman, hindi pa rin maalis ang pagdududa niyang may mabigat na pinagdaraanang kapatid.

“Tawagan mo akong madalas, ha, para balitaan ng escapades mo with your *someone special*,” bilin ni Iris.

“I will.” *Patawarin mo ako sa gagawin ko, Iris. May mga tanong lang akong hahanapan ng kasagutan. Kapag nahanap ko na ang sarili ko, iiwan ko sila nang kung paano ko sila dinatnan. Pangako, hindi ako manggugulo.*

Lingid sa kaalaman ni Iris ay may lihim na balak ang kakambal. Uuwi si Reese sa Santa Cecilia gamit ang katauhan ni Iris. At gagawin niya iyon habang nagbabakasyon ang kapatid sa Texas.

Nang maramdaman ni Danilo na inalis ng mga lalaking dumukot sa kanya ang piring niya sa mata ay lalo siyang natakot. Ayaw niyang pagmulat ay makita ang taong matagal nang pinagtataguan: si Vastago. Nagpasya siyang huwag nang umuwi sa Santa Cecilia. Ang akala niya ay tagumpay na siyang nakapagtago

sa mataong siyudad ng Maynila pero may nakatunton pa rin pala sa kanya.

Salas ng isang marangyang bahay ang namulatan niya at pigura ng isang lalaki ang nasa kanyang harapan.

“Z-Zach! B-buhay ka?” nagkandautal na bulalas ni Danilo nang makita ang lalaking inakala ng maraming patay na.

Ibang-ibang Zach ang nakikita niya ngayon—medyo sunog ang kulay ng balat, mahaba ang buhok at balbas, brusko. Dati rati ay ni hindi yata nito kayang magtumba ng dumalagang baka o kahit magkatay ng manok pero ngayon ay mukhang kaya nitong katayin kahit tao. Malayo sa hitsura ni Zachary Gonzalo na isang señorito at pangarap ng lahat ng kababaihan sa bayan ng Santa Cecilia.

Sa nakalipas na tatlong taon ay walang nabalita tungkol kay Zach. Bigla na lang itong nawala at walang palatandaan kung sadyang umalis o may kumidnap. Naglaan ng dalawang milyong pabuya ang pamilya nito sa sinumang makapagtuturo sa kinaroroonan ng lalaki, pero wala ring nangyari. Kung mayroon mang nakakaalam ay mas pipiliin nito ang mabuhay kaysa sa pabuya... katulad ni Danilo.

“Hindi basta-basta namamatay ang masamang damo, Mang Danilo,” may lakip na galit na sagot ni Zach.

Si Zachary Gonzalo ang nawawalang tagapagmana ng napakalaking *Gonzalo-Montez Estate* sa bayan ng Santa Cecilia. Sa loob ng mahigit tatlong taon ay hindi birong hirap ang pinagdaanan ng binata sa buhay.

“At ngayon, oras na para ako naman ang maningil.”

“Z-Zach, patawarin mo ako! Sana maunawaan mong kaya ko piniling manahimik ay para sa kapakanan ng pamilya ko. Hindi ko kagustuhang ipagkait sa iyo ang hustisya, wala lang talaga akong pamimilian.” Naiintindihan ni Zach ang kalagayan ni Danilo. “Nakatanggap ako ng pagbabantang idadamay sila ni Vastago kapag nagsalita ako.”

“Sino si Vastago?”

Matagal niyang hinintay ang pagkakataong malaman kung sino ang demonyong kaaway niya. Kaya hindi siya kaagad humantad pagkaraang makatakas sa kamay nito ay dahil alam niyang magiging imposibleng kalabanin ang hindi nakikita.

Nakabalat-kayo siyang nagbalik sa Santa Cecilia,

nakiramdam at lihim na nagmatyag pero wala siyang nakuhang tanda kaya natiyak niyang hindi basta-basta ang taong nagpadukot at nagpatapon sa kanya sa Weed Island o Isla Malahierba kung saan siya parang na-exile.

“Hindi ko maaaring sabihin—”

“Sino?” Kinuwelyuhan niya at malakas na isinalya sa dingding ang kausap.

“Mamamatay ako at ang—”

“Hindi mo sasabihin sa akin o ako mismo ang papatay sa iyo ngayon din?” Ikinalang niya ang braso sa leeg nito para pahirapan itong huminga. Nang hirap na hirap na ito at ayaw pa ring magsalita ay naramdaman niyang mas gugustuhin pa nga nitong mamatay kaysa madamay ang pamilya. Binitawan niya ito at hinayaang mahandusay sa sahig.

“S-sala...mat...” habol ang hiningang saad ni Danilo habang himas ang leeg.

“Hindi pa tayo tapos. Pag-iisipan ko muna kung idadamay ko *rin* ang pamilya mo o sapat nang magantihan kita.” Panakot lang niya iyon. Hindi niya magagawang saktan sinuman sa pamilya Galang dahil naging malapit na ang mga ito sa kanya.

Inutusan niya ang dalawang tauhan para igapos si Danilo.

“Huwag mo akong ikulong, Zach. Kailangan kong umuwi sa Santa Cecilia. Nabalitaan kong nagbabalak umuwi doon si Iris. Dapat ko siyang pigilan dahil baka mapahamak siya...”

Si Iris. Lumambot ang puso ni Zach pagkarinig sa pangalan ng babaeng tanging minahal niya nang lubos. He was surprised to discover that until now, part of him still longed for her. Isang bahagi ng tumigas niyang puso at pagkatao ay mananatiling malambot pagdating sa babaeng iyon.

Malaki ang kasalanan niya rito. He left without explaining why. Nang magbalik siya ay napag-alaman niyang hindi na ito pinabalik sa Santa Cecilia matapos ipagamot sa Maynila.

“Kung may balak siyang umuwi, mas mabuti.” Minsan gusto niyang ipagdamdam na sa kabila ng malalim nilang pinagsamahan—na kulang na lang ay magsama sila sa iisang bubong upang masabing ganap na silang mag-asawa—ay hindi man lang ito naghirap na hanapin siya.

Pero naunawaan niya nang malamang nagka-amnesia ito. *At isa pa, ako ang nang-iwan.*

Forsaken Memories - Alexie Aragon

“Tiyak na lalabas sa lungga ang sinasabi mong si Vastago kapag nalaman niyang may banta sa katahimikan niya. Dahil diyan, sama-sama tayong babalik sa Santa Cecilia.”

2

Kagaya ng plano ni Zach, nagbalik ang grupo niya sa Santa Cecilia pero hindi muna niya isinama si Danilo. Hindi pa kasi niya tiyak kung tumiwalag na nga ba ito kay Vastago o nananatili pa rin ang katapatan sa dating amo. Saka na lang niya ito susunduin kapag kailangan na niya sa eksena.

Tulad ng dati, nagpanggap silang copra buyer para malayang makaikot sa buong bayan at maging ang hacienda ay mapasok din nila.

Napag-alaman niyang sa *Villa Gonzalo* na halos nakatira si Aaliyah.

Ito na ang pang-apat na pagbabalik niya pero mas sabik siya ngayon dahil alam niyang kahit paano ay magkakaroon ng progreso ang personal niyang misyon. Sa pagdating ni Iris, tiyak na hahantad ang kalaban o kung hindi man ay ang mga galamay nito.

At totoong kinasasabikan niyang makitang muli si Iris.

Nang mabalitaan niyang magkakaroon ng bonfire ang mga tauhan ng pinsan niyang si Gon sa farm na pag-aari nito at dadalo si Iris ay pumuslit

siya sa bakuran niyon at ngayon ay malayang nakakapagmatyag.

“Napakaganda mo pa rin, Iris,” usal niya habang minamasdan mula sa malayo ang babaeng nakaupo sa harapan ng malaking apoy.

Maraming tao, pero ang tanging nakikita lang niya ay ang dalawang nilalang na kanina pa magkatabi: sina Gon at Iris.

Hell! Hindi niya maaaring ikaila na hanggang ngayon ay nakakaramdam pa rin siya ng panibugho. Matinding panibugho.

“Akin ka dati, Iris... at akin ka pa rin hanggang ngayon.” Naging mapait ang kanyang pagngiti.

Lumapit pa siya nang kaunti at nagkubli sa puno ng niyog. Naikuyom niya ang kamao nang makita kung paano magpalitan ng malalagkit na tinginan ang dalawa na tila ba walang ibang tao sa paligid.

“Dammit, Gon! Ano’ng gagawin mo kay Iris?” Nasuntok niya ang matigas na puno dahil hindi napigil ang matinding emosyon nang makitang inakbayan ng pinsan niya si Iris at iginiya sa tent na nasa di kalayuan.

“You son of a bitch!” tungyaw niya sa pinsan.

Hindi siya ipinanganak kahapon para hindi mahulaan kung ano ang maaaring maganap doon.

Kung hindi lang niya iniisip na mawawalang kabuluhan ang ilang taon niyang paghahanda para makapaghiganti ay baka sumugod na siya sa kubo at binawi si Iris.

Bago pa man niya masugod ang dalawa ay nagpasya na siyang lisanin ang lugar. Mababaliw siya kapag nanatili pa roon nang kahit ilang minuto.

Zach, wala ka nang karapatan kay Iris. Iniwan mo siya, di ba? Hindi mo naman siya totoong mahal. Inagaw mo lang siya kay Gon para patunayang hindi sa lahat ng bagay ay mas magaling sa iyo ang pinsan mo.

“Hindi totoo ’yan! May karapatan ako. She was rightfully mine, goddammit!” halos maiyak sa galit na bulong niya.

Para mailabas ang sama ng loob ay tumakbo siya nang tumakbo sa dilim. Walang direksyon. Kahit masabid sa mga bagin at ugat ng puno ang paa niya ay wala siyang pakialam. Lalo pa niyang binilisan ang pagtakbo at wala siyang balak tumigil. Saka lang siya nahinto nang kusa nang bumigay at nawalan ng lakas ang mga paa niya at halos sasabog na ang бага niya sa mabilis na paghinga.

“Kinuha mo sa akin ang lahat, Vastago. Magbabayad ka! Magbabayad ka!”

Oo, aminado siyang sa una ay itinuring niyang trophy si Iris. Isang premyong napanalunan, tanging napanalunan, sa lahat ng kumpetisyong pinaglabanang nilang magpinsan. But because of that, Iris became his everything.

Si Gon ang palaging magaling sa kanilang Lolo Enrique dahil kayang-kaya nitong sagupain kahit nagwawalang toro. Sa paningin nito ay katulad lamang siya ng iba pang miyembro ng angkan na laki sa layaw, easy-go-lucky at irresponsible.

Si Iris ay hindi ganoon ang tingin sa kanya. Sa katunayan ay mas pinili siya nito kaysa kay Gon. And that made him proud of himself...pero kinuha nang muli ni Gon si Iris.

Malakas siyang sumigaw na nag-echo sa katahimikan ng gabi. “I want you back, Iris...”

Sa mahigit isang buwang pamamalagi ni Iris sa Texas ay masasabi niyang maganda ang siyudad at maging ang countryside na bahagi kung saan naroon ang mga cattle farms. Pero hindi siya masyadong makapag-enjoy dahil nami-miss niya si Reese. Isa pa,

ang binisita nilang rancho ay nakapagpasariwa lamang sa pangit na nakaraang pilit niyang kinakalimutan.

Hindi totoong nagkaroon siya ng amnesia.

Pinangatawanan na lamang niya iyon para matakasan ang kinasangkutan gulo at hindi na madamay ang pamilya niya, para kalimutan ang nakakatakot na pangyayari, para talikuran ang mga taong sangkot... lalo na si Zachary Gonzalo.

The man could have been her dutiful husband if he had not mercilessly deserted her.

Mariin niyang ipinikit ang mga mata at ipinilig ang ulo para maputol ang nagbabadyang pagdaloy ng mapait na gunita. Mabuti na lang at tumunog ang cell phone niya.

“Reese!” Napangiti siya kahit hindi nakikita ang kakambal. Sa loob ng tatlong taon mula nang makasama itong muli ay ngayon lang sila nagkahiwalay nang matagal. “Kumusta ang bakasyon ninyo ni *someone special*?”

“Hmm, great! Ang totoo kaya nga ako tumawag sa iyo para sabihing hindi mo pa ako madadatnan bukas sa bahay. Uhm, kasi I’m still enjoying my stay here in San—err, dito sa farm.”

Farm? Ang akala niya ay long vacation sa isang coastal province ang pinuntahan nito. Hindi na lang niya kinuwestyon tatal ay halata sa boses ng kapatid na masaya ito sa ngayon. Nararamdaman niyang may mabigat itong pinagdaraan pero ayaw mag-open up sa kanya.

Well, typical Galang attitude. Do not share your personal burden for it will only upset and sadden your loved ones. Katulad ng ginawa niya, ni Uncle Danilo, at ng tatay niya.

“Good for you. Alam mo, Reese, ang suwerte-suwerte mo talaga. May trabaho palang naghihintay sa ’yo dito sa Texas at puwedeng dito ka na manirahan kung gugustuhin mo,” aniya para pasimpleng sabihin ditong *‘count your blessings.’* Napapansin kasi niyang hindi pa kuntento si Reese sa buhay.

“Mas gusto ko dito sa Pilipinas para magkasama tayo.”

“Sabagay. Saka booming rin naman ang call center career mo. Bukod doon, bata ka pa lang may stocks investment ka na.”

“Mas masuwerte ka sa akin, Ai, mas maraming nagmamahal sa ’yo.”

“Ang lalim naman n’un. Parang may

pinaghuhugutan.” Iris laughed a bit.

Ang sinabing iyon ni Reese ay palatandaang may kimkim itong hinanakit sa pagpapaampon dito. Kung sana ay mayroon siyang sapat na lakas ng loob para amining wala siyang amnesia, maipapaliwanag niya sa nakababatang kapatid na bagaman ipinaampon ito at hindi naipakilala ay mahal na mahal ito ng buong pamilya.

“Ano ba’ng meron ako na gustung-gusto mo? Name it. Ibibigay ko sa ’yo.”

“Sus, wala...” Pagkuway natahimik ito na parang may gustong sabihin na hindi mabigkas.

Nangako si Iris sa sarili na sa pag-uwi ay uumpisahan na niyang maging big sister sa kakambal. Kung ang pagsisiwalat sa nakatagong multo ng nakaraan ang magiging susi para mag-open up din ito at ma-access niya ang bahaging ayaw nitong ihayag, payag na siya. Gagawin na niya, kahit mangahulugan pa iyon ng muling pananariwa ng malalim na pilat na kailanman ay hindi na mawawala.

“Matanong ko lang, ayaw mo ba talagang i-consider ang pagbisita man lang sa Santa Cecilia?”

Siya naman ang natahimik at di nakapagsalita. “Mas mabuti raw na huwag na akong bumalik doon

para sa kapanatagan ng lahat.” *Courage, Iris, huwag kang maging duwag.* “P-pero... puwede rin. G-gusto mo bang sumama?” Nanlamig ang mga kamay niya habang sinasabi iyon. Paano kung pumayag ito? Baka madamay pa sa problema niya.

“No. Unwanted family member naman ako—”

“Reese, hindi totoo ’yan. Mahal ka namin.”

“At mahal ko rin kayo,” pabirong saad nito. “Ai, what if, let’s say, I fell in love with your ex-boyfriend? Aawayin mo ba ako?”

Napangiti siya sa hypothetical question nito. Matapat siyang sumagot, bahala nang makahalata ang kapatid na may naaalala siya tatal naman ay magtatapat na siya pag-uwi.

“Knowing my exes, at dalawa lang naman sila, hindi ako tututol, Reese. Basta ba maging masaya ka lang.” *Pero sana kung magkakatotoo man ang tanong na ’yan, si Gon ang mapili mo. Si Zach, baka iwan ka rin kapag nagsawa.*

Nang mawala sa linya ang kapatid ay hindi na napigil ni Iris ang kusang pagdaloy ng mapait na alaala sa kanyang gunita. Kasabay na dumaloy ang mapait na luha.

Forsaken Memories - Alexie Aragon

It had been three years since the tragedy, but it seemed like yesterday when it occurred.

3

Five years ago...

“Gon, hindi mo kailangang obligahin ang sarili mo na ihatid ako. Puwede naman akong maglakad,” ani Iris sa nobyo. Nagpipilit kasi itong ihatid pa siya sa Sitio Acuerdo kung saan siya nagtuturo gayong marami itong nakabinbing trabaho sa rancho. Hindi iyon accessible ng tricycle dahil may ilog na tinatawid.

Nakangiting sumulyap sa kanya si Gon habang minamaneho ang pickup truck. Ihahatid siya nito ngayon pero kailangan muna nilang dumaan sa rancho para tingnan ang mga bagong dating na hybrid bulls.

“Makakaya ba ng konsyensya kong paglaktarin ang pinakamamahal na apo ni Lola Fina? Saka hayaan mo na. Bumabawi lang naman ako sa mga pagkukulang ko.”

“Wala ka namang pagkukulang.” Ibinaling niya sa labas ng bintana ang tingin dahil ayaw niyang matitigan si Gon.

Nakokonsyensya si Iris. Napakabait nito sa kanya bilang nobyo pero kamakailan ay tinangka niyang

makipagkalas, hindi lang ito pumayag. Mahal naman niya ito... bilang isang kapatid. Para na niyang tunay na ina ang mommy nitong si Nurse Amelia na siyang personal na nag-aalaga sa kanya tuwing mako-confine siya sa ospital noong bata pa siya.

“Nasa akin ang mali. Ginagawa mo ang lahat pero hindi ko naman masuklian...” Kusa niyang pinutol ang sasabihin dahil alam niyang makakasakit ito ng damdamin.

“Ibig sabihin lang, hindi pa sapat ang effort ko kaya hindi mo ako magawang mahal in nang lubos. Huwag kang mag-alala, sisikapin kong maabot ang expectations mo. Hindi ko sasayangin ang second chance na ibinigay mo sa akin.”

Hindi na lang siya umimik. Ang totoo, sobra-sobrang effort na ang nagawa nito. Guwapo si Gon, mabait at kaya na siyang buhayin pero hindi pa rin niya maturuan ang puso na ito na lang ang mahal in. Sa halip, sa pinsan nitong si Zach kusang tumibok ang puso niya.

First crush at first love niya si Zach, ang legal heir ng *Gonzalo-Montez Estate*, pero iyon ay pinakaiingatan niyang sekreto. Ayaw kasi niyang matawag siya ni Doña Candida na ‘hampaslupang ambisyosa’ kagaya ng tawag nito sa mga babaeng nagkakagusto sa

paboritong apo.

Hindi apo ng matapobreng doña si Gon. Anak sa ibang babae ng asawa nitong si Don Enrique ang ama ng binata. Bagaman hindi maaaring ibilang si Gon sa mga legal heirs, ayon sa by-laws ng estate, binigyan naman ito ng *don* ng kapangyarihang pamahalaan ang rancho.

Si Zach naman, kahit na may pagka-easy-go-lucky at halatang hindi sanay sa probinsya, ay unti-unti nang sinasanay para dito ilipat ang pamamahala ng buong estate kasama na ang ekta-ektaryang niyugan, maisan at palayan. Sa Maynila kasi ito lumaki at nag-aral at nauuwi lang sa Santa Cecilia kung bakasyon.

Dahil kay Gon kaya sila nagkakilala ni Zach. Isinasama siya ng kababatang mamasyal sa rancho o kapag wala ang doña, ipinapasyal din siya nito sa marangyang *Villa Gonzalo*.

Bata pa lang ay mas gusto na niyang kalaro si Zach dahil hindi ito masyadong naglilikot na tulad ni Gon, at tulad niya ay ayaw rin nitong maglaro sa bakahan.

Bagaman palaki si Zach ni Doña Candida ay hindi naman nito nakuha ang ugali ng abuela. Mabait ito, pero napagkakamalang suplado dahil bihirang

makisalamuha sa mga tauhan at iba ang *circle of friends*. Typical city boy kumbaga.

“Dito ka na lang muna sa villa. Sasaglit lang ako sa rancho. Alam ko namang ayaw mo ng amoy baka,” biro ni Gon nang ihimpil ang sasakyan. “Huwag kang mag-alala, wala diyan si Doña Candida. Twenty minutes lang ako,” pahabol nito.

Hindi na siya pumasok sa mismong kabahayan. Sa sementadong upuan sa European-inspired garden siya nagpasyang magpalipas-oras. Nilibang ni Iris ang sarili sa pagmamasid sa iba’t ibang makukulay na bulaklak na naroon. Galing pa umano ang mga iyon sa ibang bansa.

Nakakainggit talaga ang mga mayayaman. Halaman lang pinagkakagastusan pa ng daan-libong piso. Samantalang ako, she sighed, importanteng hanapin ko ang kapatid ko pero hindi ko magawa dahil wala akong pera. Kailan kaya ako yayaman?

Mula sa ikalawang palapag ng villa ay napangiting mag-isa si Zach sa magandang tanawing bumungad sa kanya. Parang si Iris na Greek goddess of the rainbow ang nakikita niya sa hardin at hindi si Iris Galang na isang public school teacher.

Gusto niyang ligawan si Iris, ang kaso ay nobya na ito ng pinsan niya.

Hindi sa wala siyang nobya, pero isa-isa na niyang hiniwalayan ang mga 'girlfriends' mula nang itali siya ng abuelo rito sa probinsya. Sinisikap niyang magpa-impress sa Lolo Enrique niya.

Hindi niya forte ang pamamahala sa isang agricultural estate na nasa liblib na probinsya. Mas komportable siya sa corporate world sa siyudad. Ano ba'ng alam niya sa paghahayupan at pagsasaka?

Mabuti na lang nakilala kita, Iris. You are more than enough consolation for my effort to be a good grandson.

Sa tingin niya ay si Iris ang pinakamagandang babae sa buong bayan ng Santa Cecilia. Hindi tipikal na probinsyana ang panlabas na anyo nito. Nagustuhan din niyang kahit medyo seryoso ito ay may sense of humor kung minsan.

Nagpasya siyang babain ito.

“Kaya pala napakaganda ng araw ngayon, nandito ang diyosa ng bahaghari.” He was always extra-sweet when Iris was around. Kung hindi niya gagawing magpapansin dito ay talagang hindi siya nito papansinin. Ito lang yata ang babae sa bayan nila

na hindi niya makuha sa ngiti, di tulad ng ibang mga babae na hayagang magpakita sa kanya ng interes at kulang na lang ay ihain sa kanya ang sarili.

Iba si Iris. She was beyond compare. “Good morning, Teacher Iris!”

“Hi, Zach. Makikiupo lang habang hinihintay ko si Gon.” A shy yet sincere smile shaped her beautiful lips.

He’d been fantasizing to kiss her. “Bakit hindi sa loob? Wala naman si Lola.” Alam niyang ilag ito sa may kasungitan niyang abuela. “Coffee?”

“Hindi na. Thanks. Sandali lang naman si Gon,”

Nakakainggit talaga si Gon, pati sa babae suwerte. “May date kayo? Ang aga naman,” aniya habang pasimpleng pinagmamasdan ang pagtama ng pang-umagang sinag ng araw sa mukha ni Iris. Sapat nang inspirasyon ang kagandahan ng tanawing ito para simulan niyang masigla ang kanyang umaga.

“Pareho kaming may trabaho, uunahin pa ba namin ang date?” sagot nitong lumapad ang pagkakangiti.

“Kung ako ang boyfriend mo, araw-araw tayong magdi-date,” aniyang hindi alam kung paano lumabas

sa bibig ang sinabi. Iyon kasi ang totoo niyang saloobin. Hindi rin niya pinagsisihang nasabi iyon.

Nakita niyang nagkulay rosas ang mga pisngi nito. Dahil ba iyon sa sinabi niya o dahil sa sikat ng araw?

“Hindi puwede ’yon, trabaho muna siyempre.”

“Puwede. If there’s a will, there’s a way. Try me,” pabirong hamon niya.

Gumanti rin ito ng biro. “Hayaan mo, pagkatapos kong maperahan si Gon, ikaw naman ang isusunod ko.”

They laughed.

“Hanggang ngayon ba hindi mo pa naiipon ang pangarap mong one hundred thousand?” Noong mga bata pa sila, may sikretong sinabi sa kanya si Iris. Pero pinapangako siya nitong huwag iyong ipagsasabi dahil sila lang daw ni Gon ang nakakaalam niyon. May kakambal umano itong dinala sa ibang bansa ng mga umampon dito at balak nito iyong sundan para bawiin.

“Nagtaas na ngayon ng presyo ang plane ticket. Doblehin mo na ang budget mo.”

“Iyon ang problema ko, maintaining balance pa

rin ang laman ng passbook ko,” natatawang saad ni Iris. Nakatandaan na niya ang pag-iipon. Palaging nababawasan iyon sa tuwing may mangangailangan sa pamilya. “Dapat siguro hindi ako nag-teacher, wala akong chance yumaman dito.” Gusto at mahal niya ang pagtuturo, lamang ay kailangan din niya ng pera.

“May solusyon diyan. Mag-asawa ka ng mayaman, instant fortune.”

“Hmm, magandang ideya ’yan. Kaso si Don Enrique at Mayor Montez lang ang certified rich dito sa Santa Cecilia. Wala nang iba.”

I’m rich, Iris. Marry me. Kaya niyang isatinig iyon kung hindi lang sana kasintahan ng pinsan si Iris. “At pareho pang mala-dragon sa bagsik ang esposa.”

Tumingin ito sa wristwatch at tinanaw ang daan papunta sa rancho. Halatang natuwa ito nang makita ang pickup na paparating.

Mula sa sasakyan ay kitang-kita ni Gon kung gaano kasaya ang pagkakangiti ni Iris. Siguro kailangan na niyang tanggapin ang katotohanang hindi niya kayang pangitiin nang ganito ang dalaga. He was not the man she would desire to be her lover.

“Zach, may lakad ka ngayon?” bungad niya.

“Mamaya pang ten-thirty ang appointment ko sa provincial agriculturist. Hihiramin mo ang wheels ko?”

“Nope. Baka puwedeng pakihatid si Iris sa Acuerdo. Kailangan ko kasing i-supervise ang pag-dispatch sa livestock. Puwede?”

Bago pa man makatanggi si Iris ay mabilis nang pumayag si Zach.

“My pleasure.” Parang nanalo sa palaro ang pagkakangiti ni Zach.

“Ingatan mo siya, ha,” ani Gon.

“Kumusta ang mga bagong dating na baka, Gon?”

Mula sa pagmamasid sa mga tauhang nagkukumpuni sa bagong kural at mga kuwadra ay nilingon ni Gon ang matandang nagsalita. Kung siya ay rancho ang pinamamahalaan, ito naman ang katiwala sa mga lupang sakahan ng hacienda.

“Tata Fredo.” Ang tawag niya ritong ‘Tata’ ay hindi lang dahil sa edad kundi dahil may dugong Gonzalo ang matanda. “Nag-a-adjust pa ho sa klima ng Santa Cecilia ang mga dumalagang baka at mukhang hindi sila hiyang. Palagay ko, iyon ang nakaapekto kaya

matamlay silang kumain.”

Marami nang naikuwento si Gon pero nahalata niyang wala sa pinag-uusapan nila ang interes ng matanda.

“Napakahusay mong mangalaga, Gon. Nakakahinayang lang na magkatulad ang kapalaran natin, nagpapagal pero ibang tao ang nakikinabang. Tayo ang pagod pero sila ang nasa villa, at paupo-upo lang, siyang nagtatamasa ng ginhawa. Tulad na lang ng napakasuwerteng batang iyon.” Natatanaw nilang paparating si Zach. “Wala namang ginawang pagpapagal dito sa hacienda ang laki sa layaw na ’yan pero sa kanya isasalin ang lahat. Wala ka bang balak maghabol sa mana? May karapatan ka, isa kang Gonzalo.”

“Wala po, Tata Fredo. Nang tanggapin ni Daddy ang pamana sa kanyang pitong ektaryang lupain, pinapirma siya ng abogado sa isang kasulatan na nagsasabing—”

“Hindi siya maghahabol sa pera ng mga Gonzalo at Montez.” Tumawa nang pagak ang matanda. “Tuso at ganid talaga ang mga animal,” narinig niyang bulong nito. “Mauna na ako at sasaglitin ko pa iyong mga buyer ng buko at copra,” paalam nito bago pa man makalapit si Zach.

Malayo pa ay nakangiti na si Zach kay Gon. Dalangin niyang sana ay busy ang pinsan para makapagprisinta uli siyang manundo kay Iris. Sa Sitio Acuerdo pa rin kasi ang destino ng dalagang guro at lingguhan lang kung umuwi. Lunes ng umaga ito kung ihatid at Biyernes ng hapon ang sundo. Sa mga nakalipas na buwan ay maraming beses na niya itong naihatid.

“Bro, susunduin mo ba ngayon si Iris?” Napansin niya ang pagsasalubong ng mga kilay ng pinsan.

Nakakahalata na yata. “Uhm, kasi, sasabay sana ako sa iyo. May kakausapin akong taga-Acuerdo, eh. Hiniram ni Aaliyah ’yung *Land Rover*,” alibi niya. Anak ni Mayor Montez ang babae, third degree cousin niya sa panig ng Montez.

“May sadya ka pala doon. Ikaw na lang kaya ang manundo tatal huling sundo na sa kanya ito. Sa Lunes sa bayan na siya magtuturo,” walang kangiti-ngiting sagot nito sabay kuha sa susing nakasukbit sa baywang at inihagis sa kanya.

Nasalo niya iyon. “Sige.”

“Pakisabi na lang marami akong ginagawa dito sa rancho. Zach, iderecho mo sa bahay nila si Iris,

ha. Hindi kaladkaring babae 'yon.”

“Alam ko,” nakangiting sabi niya. Kung kaladkarin ito di sana ay matagal na niyang nakuha. “Kapag napadaan nga pala dito si Mang Fredo, pakisabing ako na ang bahala sa operasyon ng anak niya. Kawawa naman,” pahabol niya bago umalis.

Todo na ang effort niya kay Iris. Kumbaga ay nanliligaw na siya sa gawa, hindi lang niya masabi sa salita, pero hindi man lang ito makahalata. O kung nakakahalata man ay baka ayaw pahalagahan dahil babaero ang pagkakilala sa kanya.

Babaero rin naman si Gon, maingat lang.

Tuwing sumasama silang magpinsan sa men's night out ng kanilang common friends ay kumukuha ito ng babae. Minsan nahuli niya ito sa cowshed na may kasamang babae at masasabing hindi lang pag-uusap ang ginawa. Hindi na lang niya iyon binabanggit kay Iris at baka mag-away pa ang dalawa. Pero iyon ang nakapagbigay sa kanya ng lakas ng loob para magparamdam sa dalaga. Kung hindi magawa ni Gon na maging faithful, malamang hindi ito seryoso kay Iris. At siya ay seryosong-seryoso na paibigin ang matimtimang si Iris Galang.

Habang daan pauwi sa kabayanan ay naisip ni Zach na ialok kay Iris ang tulong na matagal na niyang gustong iabot. Ang mga bagay na hindi magawa para rito ng pinsan niya ay siya na lang ang gagawa.

“Gusto mo bang pautangin kita ng one hundred thousand? I can make it three para may baon kang extra cash.” Desperado na siyang makuha ang loob ng dalaga. Sa tingin naman niya ay kayang-kaya ni Gon na magpaluwal ng ganoong halaga pero bakit mukhang hindi ito galanteng nobyo? Kung siya lang ang boyfriend ni Iris, sasamahan pa niya ito sa ibang bansa sa pagtunton sa kapatid nito.

“Nyay. Zach, saan naman ako kukuha ng ibabayad ko sa 'yo? Ikaw talaga, masyado mong siniseryoso 'yung ambisyon kong makapunta sa Texas. Hayaan mo na nga lang 'yon.”

Hindi siya puwedeng magwalang-bahala dahil alam niyang mapapasaya niyon si Iris. At gusto niya itong makitang palaging masaya.

“Ayaw mo na bang makita ang kapatid mo?”

“Gusto.” Narinig pa niya ang pagbuntung-hininga nito. “Gustung-gusto. Pero hindi ko talaga kaya, eh.” Balak ni Iris na magtrabaho sa abroad o kaya kahit sa Maynila lang pero sadyang mahina ang puso niya

kaya siguradong babagsak lang siya sa medical.

“Kaya nga nag-o-offer na ako. Para ano at naging magkaibigan tayo kung di kita tutulungan?” Hindi kumibo ang kausap niya at nakatitig lang ito sa unahan. “At saka hindi naman ako agad maniningil. May provision siyempre, may grace period pa kung talagang gipit ka.”

“Thanks, but no. Sabi nga nila, *never spend the money before you have it*. Paano kung bigla akong matanggal sa serbisyo, di hindi na ako nakabayad?”

Papalusong na sila sa ilog kaya kumambiyong ng segunda si Zach. Mabagal niyang pinausad sa mababaw na tubig ang sasakyan para hindi humukay sa malambot na riverbed ang gulong.

“Di ’yung pinsan ko ang sisingilin ko.”

“O, bakit nasali si Gon?”

“Dahil siya ang boyfriend mo. Dapat nga sagot na niya—”

“Sandali.” Bahagyang tumawa si Iris. “Nagkakamali ka. Hindi na kami ni Gon.”

Awtomatikong napangiti si Zach nang marinig iyon at wala sa loob na naihinto ang pickup sa gitna ng ilog. Nilingon niya ang kasamang dalaga.

This is it, sweetheart. You're gonna be mine! “Kailan pa? Bakit hindi mo man lang sinasabi sa akin?”

“Nagtanong ka ba? Basta, six months ago pa yata ’yon.” Nailang si Iris sa kakaibang pagtitig ng binata lalo at nakangiti ito sa kanya nang pagkatamis-tamis na para bang siya ang source of happiness nito. Huwag lang itong magkakamaling magbiro na in love sa kanya. Naku, papatulan talaga niya. “Ano, magtitinginan na lang tayo sa gitna ng ilog? Hindi na tayo uuwi?” Pabiro niyang ipinitik ang daliri sa tapat ng mukha ni Zach. “Wake up, Zachary!”

Hinuli naman ni Zach ang kamay na iyon, dinala sa pisngi at saka magaan kinintalan ng halik. Her eyes widened. “Dapat sinabi mo sa akin noon pa para matagal na akong nakapag-umpisang manligaw.”

“L-ligaw?” agad binawi ni Iris ang kamay dahil para siyang napasong nang dumampi roon ang mainit na bibig ng binata.

Nananaginip ba ako? Ang dream man ko manligaw sa akin? “Huwag mo ngang ginagawang biro ang bagay na ’yan, Zach.”

“Watch me kung nagbibiro ako, sweetheart.” He grinned at her. Iglap lang at nakatawid na sila sa kabilang pampang. “Tawagan mo na kaagad si Lola

Fina. Sabihin mo kasama mong darating ang future boyfriend mo.”

“Seryoso, liligawan mo talaga ako?”

Nang hapon ding iyon ay pinatunayan ni Zach na hindi ito nagbibiro. Magalang itong humarap sa abuela ng dalaga at nagpaalam na manliligaw.

Tutol man ang matanda dahil sa reputasyon ng binatang manliligaw ay nanahimik na lang ito. Kitang-kita kasi nito kung paano nagniningning ang mga mata ng apo sa bagong pag-ibig na natagpuan.